Republic of the Philippines

Department of Education

28 APR 2015

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 43 , s. 2015

SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG *GENDER BASED*

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno/Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Bilang Bahagi ng *Gender and Development Program* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Government Service Insurance System (GSIS), itinataguyod nito ang **Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang *Gender Based***. Gaganapin ito mula ika-6 hanggang ika-8 ng Mayo, 2015 sa GSIS Theater, Financial Center, Lungsod Pasay.

2. Layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

   a. matalakay ang iba't ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae;
   b. mailahad ang iba't ibang paraan upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng mga guro sa panitikang *gender based*; at
   c. maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

3. Ang seminar ay tatlong araw na gawain na tatalakay sa iba't ibang isyu at paksa hinggil sa panitikan at kasarian. Magkakaroon din ng pakitang-turo sa iba't ibang anyo ng akdang pampanitikan.

4. **Walang bayad ang rehistrasyon** ng mga kalahok.

5. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kina **Bb. Ma. Victoria C. Casoy**, **Bb. Einzoely Agcaoili**, o **Bb. Lourdes Hinampas**, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), 2/F Watson Building, 1610 JP Laurel St., San Miguel, Maynila sa telepono blg.: (02) 708-6972 o (02) 736-2525 lokal 105, o mag-email sa jinghinampas@gmail.com.

6. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ALBERTO T. MUYOT
Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalaim ng mga sumusunod na paksa:

SEMINAR
Learning Area, FILIPINO
TEACHERS

Alma/ DM seminar sa pagtuturo ng panitikang gender based
0210-April 6/24, 2015